

**04 Oktubre, 2026 Ika-Dalawamput Pitong
Linggo sa Karaniwang Panahon (Taon A)**

Is 5:1–7; Fil 4:6–9; Mateo 21:33–43

PANIMULA

Minsan, nagtanim ang isang batang lalaki ng maliit na punò ng ubas kasama ang kanyang lolo. Tuwing umaga ay patakbo siyang lumalabas upang tingnan kung lumaki na ito. Isang araw, nainis siya at sinabi, “Walang nangyayari!” Ngumiti ang lolo at sumagot, “Tahimik na lumalago ang mga ugat bago pa lumitaw ang bunga.” Makalipas ang maraming taon, tinakpan ng punong iyon ang buong hardin at namunga ng matatamis na ubas.

Ang mga pagbasa ngayon ay nagsasalita sa atin tungkol sa ubasan ng Diyos—tungkol sa mapagmahal na pag-aaruga ng Diyos sa ating buhay at sa bunga na inaasam niyang matagpuan sa atin. Sa pamamagitan ni Isaias, ni Hesus, at ni San Pablo, pinaaalalahanan tayo na hindi tumitigil ang Diyos sa paglalaan para sa atin, kahit binibigo natin siya.

Inaanyayahan din tayong tapat na suriin ang mga bunga ng ating buhay: mga bunga ba ito ng kabaitan, katarungan, pasasalamat, at kapayapaan, o maaasim na ubas ng pagkamakasarili, hinanakit, at kawalang-malasakit?

Sa pagsisimula natin ng Eukaristiyang ito, buksan natin ang ubasan ng ating mga puso sa Panginoong siya lamang ang makapagpapagaling, makapagpuputol ng sobrang sanga, makapagpapanibago, at makapagpapabunga sa atin. Aminin natin ang ating mga kasalanan at hingin ang kanyang awa.

HOMILIYA

Minsan, dumalaw ang isang turista sa isang lumang nayon sa Europa na tanyag dahil sa mga ubasan nito. Habang naglalakad siya sa makikitid na kalye, napansin niya ang isang matandang lalaking nakaupo sa tabi ng gula-gulanit na batong pader at tahimik na nag-aayos nito. May ilang batong makinis at maganda; ang iba nama’y basag, magaspang, at kakatwa ang hugis. Sa kuryosidad, tinanong ng turista, “Bakit ninyo iniingatan ang mga sirang

bato? Bakit hindi na lang itapon at magtayo gamit ang mga bago?”

Ngumiti ang matanda at itinaas ang isa sa mga itinakwil na bato. “Dahil kung minsan, ang batong tila walang silbi ang siyang nagpapanatiling buo sa buong pader.”

Pagkatapos ay marahan niyang idinagdag, “At ganyan din kadalasan ang mga tao.”

Ang maliit na tagpong iyon ay sumasalamin sa puso ng mga pagbasa ngayon.

Umaawit ang propetang si Isaias ng isang tila awit ng pag-ibig sa simula, ngunit unti-unting nagiging panaghoy. Inilalarawan ang Diyos bilang may-ari ng ubasan na hindi nagtipid ng pagsisikap para sa kanyang ubasan. Binungkal niya ang lupa, inalis ang mga bato, itinanim ang pinakamahuhusay na puno ng ubas, nagtayo ng bantayan, at naghanda ng pisaan ng ubas. Ginawa niya ang lahat upang mamunga ng matatamis na ubas ang ubasan. Ngunit maaasim na ubas lamang ang naibunga nito.

Sa simula, natuwa ang mga tagapakinig ni Isaias. Sa masayang pista ng ani sa Jerusalem, inaasahan nilang malilibang sila, marahil sa isang masiglang awit tungkol sa pag-ibig at alak. Ngunit sa halip, itinapat ni Isaias ang isang salamin sa harap ng bayan. Ang ubasan ay hindi lamang ubasan. Ang ubasan ay ang Israel mismo. Ibinuhos ng Diyos ang lahat sa kanyang bayan, ngunit sa halip na katarungan ay may pagdanak ng dugo; sa halip na katuwiran ay may mga sigaw ng paghihirap.

Kinukuha ni Hesus ang larawang ito sa Ebanghelyo ngayon at pinatitindi pa ito. Nagpapadala ang may-ari ng ubasan ng lingkod matapos ang lingkod upang kunin ang bunga, ngunit binubugbog sila ng mga magsasaka, binabato, at pinapatay. Sa huli, ipinadala niya ang sarili niyang anak. “Igagalang nila ang aking anak,” wika niya. Ngunit itinaapon ng mga magsasaka ang anak palabas ng ubasan at pinatay siya.

Si Hesus ay nagsasalita tungkol sa kanyang sarili. Siya ang minamahal na Anak na malapit nang kaladkarin

palabas ng mga pader ng Jerusalem at ipako sa krus. Siya ang batong itinakwil na naging batong panulok.

Ang trahedya sa parehong Isaías at sa Ebanghelyo ay hindi ang kabiguan ng Diyos na magmahal. Ang trahedya ay ang kabiguan ng mga tao na tumugon.

At gayunman, kahit sa mabibigat na pagbasang ito, may kahanga-hangang katangian ang Diyos: hindi tumitigil ang Diyos sa paglalaan para sa kanyang ubasan.

Paulit-ulit, sa buong kasaysayan ng kaligtasan, patuloy na umaabot ang Diyos sa atin. Nagpapadala siya ng mga propeta. Ipinadala niya ang kanyang Anak. Ipinadala niya ang Espiritu Santo. Kahit matapos ang pagtangga, hindi iniwan ng Diyos ang sangkatauhan.

Isa sa mga pagninilay sa Ingles ang magandang nagsasabi: “Ano pa ang magagawa ko para sa aking ubasan na hindi ko pa nagagawa?” Dapat umalingawngaw ang tanong na iyan sa bawat puso ngayon.

Maaaring itanong ng Diyos sa bawat isa sa atin nang personal: “Binigyan kita ng buhay. Binigyan kita ng pananampalataya. Binigyan kita ng mga taong nagmahal sa iyo. Binigyan kita ng mga pagkakataong magsimulang muli. Ibinigay ko sa iyo ang aking Anak sa Eukaristiya. Ano pa ang magagawa ko?”

At marahil ang pinakamahirap tanggapin ay madalas, maaasim na ubas pa rin ang bunga ng ubasan.

Nakikita natin ito sa lipunan. Nabubuhay tayo sa daigdig na umaapaw sa teknolohiya at kayamanan, ngunit puno ng kalungkutan, pagkabalisa, karahasan, pagsasamantala, at pagkakahati-hati. Kapansin-pansing makabago ang mga babala ni Isaías: ang kasakiman na bumibili ng lahat sa kapinsalaan ng mga dukha, ang walang katapusang libangang nagpapamanhid sa kaluluwa, ang pagtawag sa masama bilang mabuti at sa mabuti bilang masama.

Ngunit bago ituro ang lipunan, inaanyayahan tayo ng Ebanghelyo ngayon na tumingin sa sarili nating mga puso.

Anong uri ng bunga ang naibubunga ng aking buhay?

Naibubunga ko ba ang mga bungang nais makita ng Diyos—pag-ibig, pagtitiyaga, awa, katapatan, kalinisan, kabaitan, kabutihang-loob?

O inagaw na ba ng sama ng loob, pagkamakasarili, hinanakit, pagkalulong, kawalang-malasakit, at pagkabalisa ang ubasan ng aking puso?

Si San Pablo, sa ikalawang pagbasa, ay nagtuturo sa atin ng daan pasulong.

Nakakagulat na isinulat ni Pablo ang mga salitang ito mula sa bilangguan. Hindi siya tiyak kung mabubuhay o mamamatay, ngunit isinulat pa rin niya:

“Huwag kayong mabalisa sa anumang bagay.”

Sa unang tingin, tila imposible ito.

Sapagkat maraming tao ngayon ang pagod na pagod sa pag-aalala. Ang ilan ay nilulunod ang kanilang mga

alalahanin sa alak, libangan, walang humpay na ingay, labis na pagtatrabaho, o patuloy na paglilibang. Ang iba naman ay may tahimik na takot tungkol sa pamilya, kalusugan, kalungkutan, pananalapi, o hinaharap.

Hindi itinatanggi ni Pablo ang mga pakikibakang ito. Sa halip, sinasabi niya kung ano ang gagawin natin sa mga ito:

“Ihayag ninyo sa Diyos ang inyong mga pangangailangan sa bawat uri ng panalangin at sa mga hiling na puspos ng pasasalamat.”

Pansinin ang pagiging makatotohanan ni Pablo.

Hindi niya sinasabing, “Magkunwari kayong walang alalahanin.” Sinasabi niya, “Dalhin ninyo ang mga ito sa Diyos.”

Dalhin ninyo sa bawat kalagayan. Dalhin ninyo nang buong tiyaga. Dalhin ninyo nang tapat. Dalhin ninyo nang may tiwala. Dalhin ninyo nang may pasasalamat.

Binabago nito ang lahat.

May isang magandang kuwento tungkol sa isang babaeng laging nagrereklamo tungkol sa kanyang mga anak na tinedyer. “Hindi sila kailanman nagsasalita sa akin nang mabait,” sabi niya. “Tinatrato nila akong parang katulong.” Bigla siyang tumigil at sinabi, “Ah... ilang linggo na ang nakararaan, may isang mabait na sinabi sa akin ang anak kong lalaki.”

Sumagot ang paring nakikinig, “Doon kayo magsimula. Magpasalamat kayo sa Diyos para sa isang sandaling iyon.”

Iyan mismo ang karunungan ni Pablo.

Binabago ng pasasalamat ang puso.

Kung nakatuon lamang tayo sa kung ano ang mali, unti-unting mapapait ang ating mga puso. Ngunit kapag sinadya nating pansinin ang totoo, marangal, malinis,

kaibig-ibig, at karapat-dapat purihin, may nagbabago sa loob natin.

Sabi ni Pablo: “Punuin ninyo ang inyong isipan ng lahat ng totoo, lahat ng marangal, lahat ng mabuti at malinis.”

Napakalayo nito sa diwa ng ating panahon.

Umuunlad ang balita sa galit at poot. Pinalalaki ng hatirang pangmadla ang inis at galit. Madalas na umiikot ang usapan sa pamumuna at pagiging negatibo.

Ngunit inaanyayahan ni Pablo ang mga Kristiyano na sanayin ang isip sa ibang paraan.

Minsan, isang guro ang nagwawasto ng mga papel sa pagsusulit sa kakaibang paraan. Tuwing may makikita siyang lubhang magandang sagot, isusulat niya sa tabi nito sa malalaking titik: “MAGALING!” Hindi ito nalimutan ng mga estudyante. Karamihan sa mga guro ay mga mali lamang ang minamarkahan. Ngunit sadyang binigyang-diin ng gurong ito ang tama.

Ganyan din tayo pakitunguhan ng Diyos.

Oo, malinaw na nakikita ng Diyos ang ating mga kasalanan. Ngunit nakikita rin niya ang nakatagong kabutihan, ang maliliit na gawa ng pagmamahal, ang tahimik na mga sakripisyo, ang hindi napapansing kabaitan, ang nahihirapang pananampalatayang patuloy na nagtitiwala.

Balang araw, sabi ni San Pablo, ang bawat tao ay “tatanggap ng papuri mula sa Diyos.” Isipin ninyo iyon.

Ang Diyos mismo ang titingin sa kabutihan sa atin.

Kaya hindi kailanman sumuko si Hesus sa mga makasalanan. Nakita niya ang higit pa sa kabiguan. Nakita niya kung ano pa ang kayang gawin ng biyaya.

At nagbibigay ito ng pag-asa sa ating lahat na kung minsan ay nakadarama na tayo’y mga batong itinakwil.

Marahil may isang narito na nakadarama ng pagkatapon, pagkalimot, o pagkabigo sa sarili. Marahil nararamdaman

ninyong hindi namunga ang inyong buhay ng bungang inaasam ninyo. Marahil may dala kayong mga pagsisisi.

Sinasabi ng Ebanghelyo ngayon: ang batong itinakwil ay maaaring maging batong panulok.

Dalubhasa ang Diyos sa muling pagtatayo ng mga buhay.

Kaya niyang magpabunga mula sa kabiguan. Kaya niyang magbigay ng kapayapaan mula sa pagkabalisa. Kaya niyang magbigay ng pag-asa mula sa pagkabigo. Kaya niyang gawing bukal ng biyaya ang mga sugatang tao.

Ngunit para mangyari iyon, kailangan nating papasukin siya sa ubasan.

Kailangan nating tumigil sa paglaban sa may-ari.

Kailangan nating tumigil sa pagkukunwaring sa atin lamang ang ubasan. Kailangan nating hayaan si Kristo na putulan, pagalingin, at baguhin tayo.

At ito ang kahanga-hangang pangako: kapag sinimulan nating ipaubaya sa Diyos ang ating mga alalahanin, sugat,

at pagkabigo, sabi ni Pablo, “ang kapayapaan ng Diyos na higit sa lahat ng pang-unawa ay magbabantay sa inyong mga puso.”

Hindi kinakailangang mawala ang bawat problema. Ngunit isang malalim na kapayapaan sa gitna ng mga ito.

Isang kapayapaang hindi maipaliwanag ng mundo.

May isa pang huling larawang dapat nating panghawakan.

Isang lumang monasteryo ang may ubasang lubhang napinsala matapos ang isang marahas na bagyo. Nabali ang mga sanga, nabunot ang mga puno ng ubas, at nagkalat ang mga bato sa lahat ng dako. Tumingin ang isang batang monghe sa pinsala at sinabi sa matandang hardinero, “Hindi na po ito makababawi kailanman.”

Yumuko ang matandang hardinero, pumulot ng nasirang puno ng ubas, at sumagot, “Huwag mong husgahan agad ang ubasan. Buhay pa ang mga ugat.”

Iyan ang mensahe ngayon.

Kung minsan, tila sira ang ubasan ng ating buhay. Kung minsan, tila sugatan ang Simbahan. Kung minsan, tila tigang ang mundo.

Ngunit buháy pa ang mga ugat.

Sapagkat buháy si Kristo. Ang batong itinakwil ay naging batong panulok. Naglalakad pa rin ang Panginoon sa kanyang ubasan. Malapit pa rin ang Panginoon. At hindi tumitigil ang Diyos sa matiyagang paggawa upang magbunga ang ating buhay.

Kaya ngayon, humingi tayo ng tatlong biyaya:

Ang biyayang kilalanin ang lahat ng ginawa ng Diyos para sa atin. Ang biyayang mamunga ng mga bungang nais ng Diyos. At ang biyayang magtiwalang maging ang mga batong itinakwil ay maaaring maging mga batong panulok sa mga kamay ng Diyos. Amen.

Translated by William Valdez, Jr.

Perth, Australia